# THE TAMARAO JOURNAL


## WHAT'S INSIDE?


3 LIBRENG ANTI PNEUMONIA VACCINE, HANDOG NG MAYOR NG CALAPAN SA BRGY. GULOD



VOLUME 3 No. 11 | Jan. 22, 2024 - Jan. 28, 2024


# Serbisyong TAMA SAKAlapan: RICE FARMER FINANCIAL ASSISTANCE, IPINAGKALOOB SA CALAPEÑOS



NASA 233 Calapeño rice farmers ang kabilang sa ikalawang batch na nakatanggap ng Rice Farmer Financial Assistance o RFFA na nagkakahalagang PHP 5,000 noong ika-18 ng Enero sa Camilmil Gymnasium.

Sa ngayon, hindi pa dumarating ang Intervention Monitoring Card ng ikalawang batch kung kaya't pansamantala ay "stubs" muna ang kanilang natanggap na dadalhin sa USSC o Universal Storefront Services Corportation upang makuha ang PHP 5,000 cash.

Ang RFFA ay programa ng Department of Agriculture na naglalayong mabigyan ng ayuda ang mga rice farmers na mayroong dalawang ektarya pababang lupang sinasakahan.

Ito naman ay ibinababa sa pamahalaang lungsod ng Calapan at sa direktiba ni City Mayor at City Agricultural Services Department Head Marilou Flores-Morillo ay agad na ipinamahagi ang ayuda.

Kasama din ng Punong-Lungsod si City Councilor, Atty. Jel Magsuci sa araw ng distribusyon (Thea Marie J. Villadolid/ CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM







TINGNAN: Puspusan na ang paghahanda ng Pamahalaang Panlalawigan at ng DepEd kaugnay ng hosting ng Oriental Mindoro ng MIMAROPA Regional Athletic Association (MRAA) Meet sa sa darating na Mayo ngayong taon. Ito ang isa sa mga pangunahing pinagtalakayan sa 1st quarter meeting ng Provincial School Board na pinamumunuan ni Governor Humerlito "Bonz" A. Dolor na ginanap sa G.O. Conference Room noong Enero 24.

Iprinesenta nina Schools Division Superintendent Dr. Maria Luisa Servando at Education Program Supervisor at Sports Coordinator Eddy Dalisay ng DepEd Or. Mindoro Division ang kanilang mga isinagawang panimulang paghahanda hinggil sa hosting ng lalawigan sa MRRA.

Nakatakdang ganapin ang MRAA sa May 8- 11 sa Oriental Mindoro Sports Complex sa Naujan. Mauuna na rito ang Provincial Meet na gaganapin sa April 10-13 sa Pinamalayan samantalang ang Palarong Pambansa naman ay idaraos sa Cebu City sa June 8-16.

Inatasan din ng Gobernador sina Provincial Engineer Edylou Tejedo, Provincial PESO Officer Antonio Magnaye, Provincial Tourism Officer Don Stepherson Calda at mga myembro ng Finance team ng Kapitolyo na makipag-ugnayan sa DepEd para maayos ang mga preparasyon hindi lang sa MRAA kundi pati na rin sa Provincial Meet.

Nirepaso rin ang PSB Budget ng nagdaang taon. Gayundin iprinesenta ang budget para sa 2024 na pinangunahan ni SP Chairperson, Committee on Education Board Member Roland Ruga ang mosyon para sa approval nito.

Ipinahayag din ni Governor Bonz na isa sa mga programa niya bilang Chairperson naman ng Regional Advisory Group for Police Transformation and Development (RAGPTD) ang pagsisikap na mapababa ang kaso ng rape sa MIMAROPA at maging sa Oriental Mindoro. Bagamat bumaba na ang bilang nito, nananatili pa ring nangunguna ito sa mga index crime. Magkakaroon, aniya ng tripartite MOA sa pagitan ng PGOM, DepEd at PNP hinggil sa paglulunsad ng mga information education hinggil sa rape at iba pang acts of lasciviousness para sa mga high school students. Ito ay upang maitaas ang kaalaman ng mga kabataang estudyante hinggil sa nabanggit na usapin at sa hangaring mapababa ang index crime na nabanggit sa lalawigan. (PIO Oriental Mindoro)






For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# LIBRENG ANTI PNEUMONIA VACCINE, HANDOG NG MAYOR NG CALAPAN SA BRGY. GULOD

PATULOY na nililibot ng team ni City Mayor Marilou Flores-Morillo ang lungsod ng Calapan upang magbigay ng libreng Pneumococcal Vaccine at Maintenance Medicine noong ika-23 ng Enero, ito ay nakarating sa Barangay Gulod kung saan mga Senior Citizens at Persons with Disability ang naging benepisyaryo.

Pinangasiwaan ang pagbabakuna nina Dr. Von Hidalgo at Nurse Christian Alferez ng City Health and Sanitation Department. Naroon din si Mr. Jaypee Vega, Head of Barangay Affairs and Sectoral Concerns, mga kawani ng Serbisyong TAMA Center at ang nakababatang kapatid ni Mayor Malou na si Ms. Charissa Flores-Sy. (CIO Calapan)









# MGA ESTUDYANTENG KUMUHA NG KURSONG BASIC ENGLISH LANGUAGE LEARNING, NAKAPAGTAPOS NA!

MULING NAKAPAGPATAPOS ang Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Language Skills Institute (LSI) na nasa pamumuno ni LSI Center Manager Olivia Palomaia ng panibagong 287 estudyante Batch 2023 na sumailalim at nakatapos ng pagsasanay sa kursong Basic English Language Learning (BELL) sa ilalim ng programang English Language Proficiency, Enero 20.

Ang mga nagtapos ay mula sa mga paaralan ng MinSU at Divine Word College of Calapan samantalang ang iba naman ay mga wala pang trabaho samantalang ang iba nama'y propesyunal na subalit nagnanais na itaas pa ang kanilang pundasyon ng karunungan sa larangan ng wikang Ingles.

Sa naturang pagtatapos na may temang, "Language: Gateway to New Beginnings, nilalayon ng Pamahalaang Panlalawigan na sa pamamagitan ng programa ay mas maihanda ang mga nagtapos sa pag-a-apply ng trabaho. Karamihan sa mga naturang nagtapos na estudyante ay graduating sa kani-kanilang paaralan sa mga nabanggit na kolehiyo. Pinangunahan naman ni Bokal Faye Ilano-Navarro na kumatawan kay Gobernador Bonz Dolor ang mga panauhing tagapagsalita. Binigyang diin nito ang kahalagahan ng paggamit ng natutunang kaalaman mula sa pagsasanay para sa mas maayos at marangal na pamumuhay.

Kasama rin nyang naging panauhing tagapagsalita sina TESDA Provincial Director Ben-Hur Baniqued, DICT Engineer III Marvin Bejasa at DEPED Ormin Coordinator Mary Rose Dilay.

Dumalo rin bilang mga panauhin ang mga head at kinatawan ng mga partner agencies ng LSI sa kanilang programa kabilang ang DEPED Calapan City,Divine Word College of Calapan, Mindoro State University at Provincial Information Office.

Pinangasiwaan at pinadaloy naman ang naturang programa nina LSI Facilitator Dr. Reynalda Vilma Manansala, Event Director Pamela Nepomuceno at Ms. Pauline Maegan Cual bilang host. (PIO Oriental Mindoro)





THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 11 Jan. 22, 2024 - Jan. 28, 2024

MSP GAS RETAILING STATION

Gasolina at Krudo, Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD, CALAPAN CITY, OR. MINDORO

CONTACT: 09295453013

# ARAW NG MGA KASAMBAHAY



IPINAGDIRIWANG taun-taon ang Araw ng mga kasambahay tuwing ika-18 ng Enero ang petsa ng paglalagda ng Republic Act No. 10361 o ang Domestic Workers Act, na kilala rin bilang Batas Kasambahay.

Kinikilala ng batas na ito ang trabaho ng kasambahay na tulad din ng trabaho ng mga nasa pormal na sector at binibigyang-halaga ang mga kontribusyon ng mga kasambahay sa ekonomiya.

Kaugnay nito, ika-22 ng Enero, nagsagawa ang DOLE MIMAROPA katuwang ang City at Provincial PESO ng aktibidad na naka-angkla sa pagdiriwang ng Araw ng mga Kasambahay.

Ayon kay Calapan City PESO Manager Dr. Eder Apolinar M. Redublo, pinalalakas ng batas na ito ang mga pamamaraan upang maprotektahan ang mga kasambahay sa kanilang lugar-paggawa.

Samantala, naniniwala ng Ina ng Lungsod Mayor Malou Flores-Morillo, na ang advocacy & awareness campaign na ito at pagbibigay ng TAMAng impormasyon hinggil sa mga karapatan, prebilehiyo at responsibilidad ng mga kasambahay na naaayon at nakapailalim sa Batas Kasambahay ay napapanahon lamang na bigyang tutok at pagpapahalaga.

Binigyang-diin rin ng DOLE sa nasabing aktibidad, na ang pagtitiyak sa kaligtasan ng mga kasambahay sa kanilang lugar-paggawa ay nakasaad sa mandato ng kagawaran at isang pangmatagalang kontribusyon ito para sa isang matatag, maginhawa, at panatag na buhay ng bawat taumbayan.

Ayon pa kay Naomi Lyn Abellana – DOLE Regional Director — *"Kayo pong mga nasa barangay ang first line of defense ng ating mga masisipag na kasambahay, kaya nararapat lamang na alam nyo ang mga impormasyong ito".*

Nakiisa at nagbahagi rin ng kanilang mga kaalaman at mahahalagang impormasyon tungkol sa nasabing usapin sina Roderick Tamacay, DOLE OrMin Provincial Head, Marjun Moreno, TSSD Chief, Atty. Grace Lyn C. Pantaleon, RTWPB, Antonio Magnaye Provincial PESO at Rhyme Torress Senior Labor & Employment Officer MIMAROPA. (Kate Rondilla Redublo/CIO)



